Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7'6

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG ENERO 19, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon ........ | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan ........ | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas ........ | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca ........ | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion ........ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ........ | Kagawad |
| Kgg. Oscar F. Feliciano ........ | Kagawad |
| Kgg. Isagani R. Malapaya ........ | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. John Carlos C. delos Reyes ..... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

### KAPASIYAHAN BLG. 007-T2009

### KAPASIYAHANG PINALALAWIG NANG HANGGANG SA PEBRERO 6, 2009 ANG PAGBABAYAD NG LISENSYA AT PAHINTULOT SA PAGNENEGOSYO NANG WALANG KARAGDAGANG MULTA.

**SAPAGKA'T**, ayon sa Seksyon 167 ng Ang Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang lahat na lokal na buwis, butaw at singilin ay dapat bayaran sa nilolooban ng unang 20 araw ng Enero o ang bawat susunod na ikaapat na bahagi ng taon, ayon sa hinihingi ng pangyayari;

**SAPAGKA'T**, sa ilalim din ng kodigong ito, ang kinauukulang sanggunian ay sa makatuwirang kadahilanan, pahabain ang panahon ng pagbabayad ng mga buwis, butaw at singilin nang walang karagdagang multa.

**SAPAGKA'T,** sa kasalukuyang suliraning pandaigdigang krisis, nangangailangang pagbigyan ang mga mangangalakal ng karagdagang panahong makapagbayad ng lisensya at pahintulot sa pagnenegosyo;

**SAPAGKA'T,** bilang kaluwagan, konsiderasyon at pagpapahalaga sa mga mangangalakal na siyang nagbibigay ng malaking bahagi sa pag-aangat ng kita ng kabang-yaman ay nagpasya ang Kgg. Sangguniang ito na palawigin hanggang Pebrero 6 ang pagbabayad ng lisensya at pahintulot sa pagnenegosyo nang walang multa.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ramon D. Tan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag Jun M. Asinas at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Palawigin nang hanggang sa Pebrero 6, 2009 ang pagbabayad ng lisensya at pahintulot sa pagnenegosyo nang walang karagdagang multa.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Business Permits and License Office at mga may kinalamang tanggapan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: Alan T. Pamatmat
**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan